Panalangin na may Kumpiyansa

## Ladies Prayer International Newsletter




United Pentecostal Church     Nobyembre 2017

**Visit Ladies Prayer International on Facebook and "like" our page!**

### Ano ang Panalangin

ni Joy Haney



Mahalaga sa Diyos ang Panalangin. Kung kaya mayroon siyang inihandang sisidlan ng ating mga Panalangin "At pagkakuha niya ng aklat, ang apat na nilalang na buhay at ang dalawangpu't apat na matatanda ay nangagpatirapa sa harapan ng Cordero, na ang bawa't isa'y may alpa, at mga mangkok na ginto na puno ng kamangyan, na siyang mga panalangin ng mga banal. (Revelation 5:8). Pansinin natin, hindi nakalagay sa mumurahing lalagyan ang panalangin ng mga taong mahalaga sa kanya. Nakalagay ang ating mga Panalangin sa Gintong sisidlan. Hindi lamang niya tinutugon ang ating panalangin kundi ito din ay kanyang pinangangalagaan magpakailanpaman.

Tayo ay naturuan na manalanangin ng walang  patid, (I Thessalonians 5:17). Gusto natin ang talata na kung saan nakasulat na ang Diyos ang siyang maglalaan ng ating mga pangangailangan, palagi pa nga natin itong inihahayag, kabisado natin ito, at isinasabuhay din natin ito. Minsan hindi natin pinapansin yung mga tao na nagsasabi sa atin na manalangin,hindi natin sila sinusunod, tapos nagtataka tayo kung bakit tayo talunan o kaya naman ay walang *revival*.

Ang Panalangin ay tunay na nakapagbabago ng buhay. Ito rin ang naglilinis sa ating mga kasalanan, ito rin ang nagtuturo sa atin na tumingin sa kalangitan. Ang panalangin ay paghingi at pagtanggap. Ang Panalangin ay kasagutan sa lahat sapagkat ang Diyos ay tumutugon ng Panalangin. Ang Panalangin ay ang siyang umaabot sa Diyos.

Panalangin ay Kagalakan... Awit 16:11
Panalangin ay Kapayapaan Mateo 11:28-30
Panalangin ay Inspirasyon... Job 32:8
Panalangin ay Kapangyarihan... Gawa 4:31
Panalangin ay may Gantimpala... I Pedro 2:12
Panalangin ay Nakapaglilinis.... Isaiah 6
Panalangin ay Nakakagamot... II Chronicles 7:14
Panalangin ay Kalakasan...Acts 17:28
Panalangin ay nagbibigay ng Pananampalataya...Mark 9:29
Panalangin ay nakatago magpakaylanpaman...Revelation 5:8
Panalangin ay nagbibigay ng Kumpiyansa...I John 5:14

Mula ito sa *When Ye Pray* by Joy Haney. *Used by permission of the author*.

Tala: Si Joy Haney ay asawa ng yumaong Bishop Kenneth F. Haney, Dating General Superintendent ng UPCI. May limang Anak at may sampung apo.Naglalakbay siya buong mundo upang mangaral sa mga r*etreats* at *mga prayer conferences* at sumulat ng halos 40 na libro.

---

## *Prayer Warrior*

Ni Mary Catherine Beek



Kapag naiisip ko ang salitang *warrior* o mandirigma, Naaalala ko ung mga japanese noong unang panahon, na talaga namang mga deboto ngunit mga mababagsik at walang kinatatakutan. Kung kasaysayan ang pagbabasehan, bawat bansa ay mayroong mga mandirigma, na kung saan sila ay kanilang ipinagmamalaki dahil sila ay magagaling at magigiting. Mayroon din silang mga kanya kanyang batayan ng karangalan at ritwal na naging dahilan kung bakit sila ay naging magiting.

Sa Deuteronomy 20:1, nakita natin na si Moses ay hinikayat ang mga taga Israel “Pagka ikaw ay lalabas upang makibaka laban sa iyong mga kaaway at makakita ka ng mga kabayo, at mga karo, at ng isang bayang higit kay sa iyo, ay huwag kang matatakot sa kanila: sapagka't ang Panginoon mong Dios ay sumasaiyo, na siyang naglabas sa iyo sa lupain ng Egipto."

Ngayon, wala man mga kabayo at karwahe na humahabol sa atin, ngunit lahat tayo ay may kanya kanyang laban sa buhay, ang iba ay ang mga dati pang kasalanan na siyang tumutuligsa sa kanila, ang iba ay mga insekyuridad patungkol sa lakad nila sa buhay kristiyano, ang iba ay paggawa sa mga gawaing bahay, iba’t ibang uri ng laban na ating hinaharap araw araw. Kung kaya nararapat lamang na ituring natin ang ating mga sarili na mga mandirigma- malakas, magiting,walang kinatatakutan, at disiplinado sa pananalanagin

" Sapagka't iyong binigkisan ako ng kalakasan sa pagbabaka: iyong pinasuko sa akin yaong nagsisibangon laban sa akin. (awit 18:39).

Ikaw ba ay nanghihina sa oras na ito? O pakiramdam mo pinipilit mo lang gawin ang lahat dahil ikaw ay wala ng gana? Tandaan mo, nakahanda ang Diyos na tayo ipaglaban,kung tayo ay matapat sa ating pananalangin na kagaya ng isang mandirigma, wala tayong dapat ikatakot, dapat isipin natin lagi na mayroon Diyos, mayroon langit, at ipanalangin natin na ang Diyos ang siyang manguna sa ating buhay at sa ating mga mahal sa buhay.

" Sapagka't ang sinomang ipinanganak ng Dios ay dumadaig sa sanglibutan: at ito ang pagtatagumpay na dumadaig sa sanglibutan, sa makatuwid ay ang ating " (I John 5:4).

Ang talatang ito ay nakapagpapalakas sa akin. Bilang isang *born again Christian*, ipinangako na ng Diyos na tayo ay magiging mga mananagumpay Kaya nararapat lamang na malampasan natin ang ating mga kahinaan. Kaya tayong talunin ng ating mga kahinaan ngunit sa pananalangin ay kaya natin itong talunin.

Sa Panahong ang mga mandirigma ay hindi nakikibaka, sila ay tuluy tuloy pa rin na ginagawa ang kanilang mga ritwal o ensayo para sila ay handa sa panahon ng labanan. At gaya natin hindi man tayo lagi nasa laban, kailangan ay handa pa din tayo , dapat patuloy tayong nanalangin upang mas lalo tayong mapalapit at lumakas sa tulong ng ating Diyos. Hindi dapat na tayo ay lalapit sa kanya kung kailan may problema lamang. Dapat palagi tayo nanalangin upang tayo ay handa sa mga ispiritwal na labanan.

Ito ang mga bagay na nakatulong sa akin upang maging malalim sa *prayer life.*

- Maglaan ng lugar na mapagdadalanginan.
- Magtakda ng oras ( nababago ito).
- Gumawa ng listahan.
- Ihanda ang mga *specific prayer needs* (*prayer calendar, local, district, global needs*).
- Palagiang mag-umpisa at magtapos ng may pagsamba sa iyong bibig.

Kapag mayroon kang ganitong panuntunin,ibahagi mo ito sa iyong mga mahal sa buhay, palagian mong isali ang iyong asawa't mga anak sa pananalangin. Dahil sa bagay na ito ay mahihikayat mo din silang mag-umpisa ng *prayer life*. Dahil sa bagay na ito ay natuto at naintindihan ng aming mga anak ang kahalagahan ng kanilang panalangin.

Sa ating buhay, gawin nating ang mga bagay na magdudulot sa atin na manalangin ng tapat dahil ito ay magigiging kalakasan din ng ating pamilya, natin, sa buhay natin at sa ating buhay na walang hanggan.

Tala: Si Mary Catherine Beek ay isang missionary's wife to the UK and Channel Islands. Asawa niya si James Beek, may dalawang anak na babae na sina Cayla and Alexa. Sa mahigit ng siyam na taon, siya ginagamit sa *various youth ministries*, marriage seminars, ladies' ministries, music at leadership seminars, and higit sa lahat isa siyang asawa at ina.

---

**Ang Epekto ng Pananalangin sa ating mga Anak**
Ni Sharon Turpin



Isang mainit na gabi noong Agosto nang isinilang ko siya sa mundong ito. Sa loob ng siyam na buwan na iyon ay hindi ako makapaghintay na makita na siya. Ngunit kami ay nasorpresa at natakot nang ipabatid sa amin ng doktor na ang aming sanggol na si Dustin, ay may spina bifida. Ang spina bifida ay nangyayari kapag ang mga buto ng gulugod ay hindi bumubuo ng maayos sa paligid ng spinal cord ng sanggol. Kahit na hindi ko alam ang tungkol sa ganitong uri ng depekto ng kapanganakan, alam kong hindi ito magandang balita.

Hindi namin alam kung mabubuhay si Dustin noong gabi na iyon ngunit kami ay agad na tumawag sa aming mga *prayer warriors* .Sinasabi sa Santiago 5:14 na tawagin natin ang mga *elder* ng simbahan. At ang Diyos ay kumilos para kay Dustin.

Dumaan kami sa maraming pagsubok, ngunit sa pamamagitan ng pananampalataya at pananalangin,ang Diyos ay gumawa ng himala,tulad ng ipinangako sa akin ng Diyos. Nagsimulang lumaki si Dustin bilang isang matalinong batang lalaki.

Sa simula ng kanyang buhay, nagkaroon ng espesyal na samahan sila Dustin at asawa ng aking kapatid na babae na si Danny, madalas silang magkasama at tunay na naging malapit sila sa isa't isa..

Hindi ko alam ang epekto ni Dustin sa buhay ni Danny, ngunit ako ay namangha noong nakumbinsi niya ang kanyang tito na sumama sa sambahan. Maramingg gawain na ang pinalampas ni Danny, araw, linggo, buwan at taon na ng huli siyang dumalo ng gawain subalit ng dahil kay dustin, ang buhay ni danny ay nabago muli. Sinasabi sa Biblia sa Josue 1: 9, "Huwag kang matakot, ni manglupaypay, sapagkat ang Panginoon mong Diyos ay sumasaiyo saan ka man pumunta" (NKJV).

Hindi namin alam na ang aming oras sa buhay ni Danny ay limitado, Siya ay nabuhay lamang ng labing anim na taon simula nang siya ay manumbalik sa Diyos. Madalas niyang ipatutuo noon kung paanong ginamit ng Diyos ang isang maliit na tatlong taong gulang na batang lalaki upang tulungan siyang makita ang kanyang daanan pabalik sa Diyos

Hindi natin alam kung paano kikilos ang Diyos sa pamamagitan ng ating mga anak.Ngunit naniniwala ako na ang pagdarasal para sa kanila ay isang pamumuhunan sa kaharian. Ang ating mga panalangin ay may malaking epekto sa mga bata. Ang panalangin na bigyan sila ng lakas ng Diyos upang gawin kung ano ang kailangan nilang gawin sa bawat araw ay maaaring magbago ng buhay ng isang bata. Nangyari ito kay Dustin, at ginamit siya ng Diyos para sa kanyang tito.

Madalas iniisip ko kung paano kaya kung hindi namin pinanalangin si Dustin? Nasaan kaya siya ngayon? Siya ay humarap sa mga hamon, ngunit binigyan siya ng Diyos ng lakas ng loob. Sa ngayon siya ay  nangangaral na naka wheel chair, na naghihikayat sa iba na huwag sumuko. Mula sa edad na tatlo hanggang ngayon, nakita niya ang marami na tumanggap ng Espiritu Santo sa pamamagitan ng kanyang ministeryo.

Hinihikayat ko kayo na palagiang manalangin para sa ating mga anak. Ang epekto ng ating panalangin para sa kanila ay hindi lang sila ang makikinabang kundi pati na rin ang ibang tao na kanilang makakasalamuha.

Tala: Si Sharon Turpin ay may dalawang anak na sina Dustin at Mashella. Siya ay asawa ni Rev. M. Turpin, at sila a nagpapastor sa Universal Ministries sa Truth in Colorado Springs, Colorado. Siya ngayon ay ang District Ladies President at isang superintendent's wife.

**From the Mailbox**
Gusto kong sabihin na nagustuhan ko yung artikulo ni Sis. Kim Haney's noong setyembre.Ang aking buhay ay tunay na nabago nang dahil sa pananalangin sa umaga. At sana ang iba ay maranasan ding ang ganitong mga pribilehiyo! -*Wanda Fielder, UPCI LM Connections Director*

AKo ay ang prayer coordinator sa UPCI Abu Dhabi at mas magansa sana kung kami din ay makatanggap ng mga ganitong prayer materials mula sa inyo. God bless, Sis Nel

*This is wonderful - thank you, Jesus. I use several of these translations in our International church in Paris. They are such a blessing to the ladies... the Tagalog translation has not been available for several months - we are looking forward to receiving it again. God bless all of the translators! :) -Darla Bouche*

*Thank you so much for all the materials you send me. It helps me grow in knowledge for the Lord. -Email*

**Ministry Links**

Ladies Prayer International
UPCI Ladies Ministries
More to Life Bible Studies
Today's Christian Girl
World Network of Prayer
UPCI
My Hope Radio
Multicultural Ministries
Ladies Prayer International on Facebook

---

**Sino kami? . . .** Simula pa noong 1999: ang “Ladies Prayer Intl.” ay binubuo ng mga kababaihan sa buong mundo na nagpupulong tuwing ika-unang lunes ng kada buwan ,upang manalangin ng sama sama para sa kapakanan ng kanilang mga anak at mga anak sa lokal na simbahan at pamayanan.

**Ang aming misyon . . .** Kami ay naninindigan na pangalagaan ang kasalukuyan at darating pang henerasyon ,gayundin ang pagpapanumbalik ng nakaraang henerasyon.

**Aming kailangan . . .** Mga Kababaihan na handang maglaan ng panahon na makasama sa pagpupulong upang pokus na ipanalangin ang knilang mga anak tuwing ika-unang lunes ng kada buwan.

**Tatlong dapat bigyang pansin sa pananalangin..**

1. Kaligtasan ng ating mga anak(Isaias 49:25; Awit 144:12; Isaias 43:5-6).
2. Na ang ating mga anak ay manindigan sa kanilang pananampalataya pagdating sa tamang edad (I Juan 2:25-28; Santiago1:25)
3. Na sila din ay magpagamit sa Panginoon (Mateo 9:38

- 

UPCI Ladies Ministries| LadiesPrayerIntl@aol.com | 636-229-7895| LadiesMinistries.org

# Optional…

**EPIC** Empowering Prayer In Children **NOV 2017**

## THANKS"LIVING"

### TEACH ME

TEACH ME - LEARN IT

**Lesson**
A story in Luke 17 tells of ten very sick men. The disease they suffered from, called leprosy, was easily spread from one person to another. Because of this, they were not allowed to live within their communities, and were separated from their families. Though they were seperated from others, they heard Jesus had power to heal.

One day Jesus came to the city where they lived. When he was close, they called out to him to have mercy on them. Jesus had compassion and healed all ten of them. The men were so excited they ran off to tell their friends and family whom they had been separated from. But one man turned back, returning to Jesus to bow before him and give him thanks. The other nine never returned.

The Bible says because the one man came back to thank Jesus, he was made whole. Not only was the disease removed, but all parts of his body were completely healed. It is important that we are thankful, and keep in perspective the things that are truly important. There is always something we can be thankful for. We can live a life of thanks"living".

*"In every thing give thanks: for this is the will of God in Christ Jesus concerning you." I Thessalonians 5:18.*

### SHOW ME

SHOW ME - SEE IT IN ACTION

**Activity**
Materials needed: paper to write or draw on and a container to store the papers in. Optional: blank journal

Thanksgiving should be part of our lifestyle. Each day set aside family time to discuss and write down things you are thankful for. Intentionally become aware of the many blessings the Lord gives you, including the small things that you often overlook.

To record the blessings, draw a picture of them, or write a note to the Lord thanking Him. Store the notes in a container that is prominent in your home. You may wish to create a gratitude journal and record your praise moments in a blank journal the family can share, write in, and decorate.

From time to time take the notes out of the container and read them again as a family.

### TRAIN ME

TRAIN ME

**Prayer Time**
Thanksgiving is a type of prayer. Pray prayers of thanksgiving for the many blessings in your life. Here are some examples:

- *Thank you Jesus for healing ________ of sickness.*
- *Thank you God for the beauty of nature. The trees, flowers, sunshine, gentle breeze are all special gifts from You for each of us.*
- *Thank you Lord for my family and friends.*
- *Thank you for difficult situations in my life that remind me just how much I need You every minute of every day.*

***"Change is the end result of all true learning."***

**ABOUT THIS CONTENT**

This content is brought to you by the World Network of Prayer/Kids Prayer Ministry in conjunction with Ladies Prayer International

**CONTACT DETAILS**

**Ladies Prayer Int'l**
ladiesministries.org

**World Network of Prayer**
Kids & Youth Prayer
wnop.org / kidsprayer.com
kidsprayer@wnop.org
*Contributing staff:*
*Colleen Clabaugh*
*Kimberly Terry*
*Wendy Gerky*



THANKSLIVING






# Optional to translate… (as you have time)
# EPIC – NOV 2017

## Thanks“Living”

### Teach Me

**Lesson**

A story in Luke 17 tells of ten very sick men. The disease they suffered from, called leprosy, was easily spread from one person to another. Because of this, they were not allowed to live within their communities, and were separated from their families. Though they were separated from others, they heard Jesus had power to heal.

One day Jesus came to the city where they lived. When he was close, they called out to him to have mercy on them. Jesus had compassion and healed all ten of them. The men were so excited they ran off to tell their friends and family whom they had been seperated from. But one man turned back, returning to Jesus to bow before him and give him thanks. The other nine never returned.

The Bible says because the one man came back to thank Jesus, he was made whole. Not only was the disease removed, but all parts of his body were completely healed. It is important that we are thankful, and keep in perspective the things that are truly important. There is always something we can be thankful for. We can live a life of thanks”living”.

*“In every thing give thanks: for this is the will of God in Christ Jesus concerning you.” I Thessalonians 5:18.*

### Show Me

**Activity**

Materials needed: paper to write or draw on and a container to store the papers in. Optional: blank journal

Thanksgiving should be part of our lifestyle. Each day set aside family time to discuss and write down things you are thankful for. Intentionally become aware of the many blessings the Lord gives you, including the small things that you often overlook.

To record the blessings, draw a picture of them, or write a note to the Lord thanking Him. Store the notes in a container that is prominent in your home. You may wish to create a gratitude journal and record your praise moments in a blank journal the family can share, write in, and decorate.

From time to time take the notes out of the container and read them again as a family.

### Train me

**Prayer Time**

- Thanksgiving is a type of prayer. Pray prayers of thanksgiving for the many blessings in your life. Here are some examples:
- *Thank you Jesus for healing ________ of sickness.*
- *Thank you God for the beauty of nature. The trees, flowers, sunshine, gentle breeze are all special gifts from You for each of us.*
- *Thank you Lord for my family and friends.*
- *Thank you for difficult situations in my life that remind me just how much I need You every minute of every day.*

**ABOUT THIS CONTENT**

This content is brought to you by the World Network of Prayer/Kids Prayer Ministry in conjunction with Ladies Prayer International

**Ladies Prayer Int’l** - ladiesministries.org

**World Network of Prayer** - Kids & Youth Prayer * wnop.org / kidsprayer.com * kidsprayer@wnop.org *Contributing staff: Colleen Clabaugh, Kimberly Terry, Wendy Gerky*